REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-127**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG LAANG-GUGULIN PARA SA PAGDIRIWANG NG LINGGO NG MUNTINLUPA (DISYEMBRE 10-19,1989) NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN WALUMPU'T LIMANG LIBO AT ISANG DAAN PISO (₱285,100.00)**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagdiriwang ng Araw ng Muntinlupa ay bilang pagdakila at pagkilala sa kahalagahan ng araw na ito;

SAPAGKAT, ang makasaysayang araw na ito ay dapat ipagbunyi at bigyan ng maringal na piging upang lalong sumigla at sumulong tungo sa kaunlaran ng ating bayan;

SAPAGKAT, upang higit na mapag-ibayo ang pagkakabuklod-buklod at magkatanikalang pagsisikap ng bawat isang mamamayan ng Muntinlupa ay dapat gunitain ang araw ng pagiging malaya at isa pang bayan ang Muntinlupa at dulutan ng marangyang pagdiriwang;

SAPAGKAT, ang isang linggong pagdiriwang para sa makasaysayang Araw ng Muntinlupa ay bilang tugon sa paghihirap at pagsisikap ng mga namumuno at pagpupunyagi ng mga mamamayan upang matamo ang minimithing kaayusan, katiwasayan at kaunlaran ng pamayanan na unti-unting tinatamasa na ngayon at tuluyang tatamasahin sa mga daratingpang mga panahon;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maglaan ng gugulin para sa pagdiriwang ng Linggo ng Muntinlupa (Disyembre 10-19,1989) na nagkakahalaga ng dalawang daan walumpu't limang libo at isang daan piso(₱285,100)

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang83 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-27 ng Nobyembre 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

(Hindi nakilahok)
Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

(Hindi nakilahok)
Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**(Hindi nakilahok)**
**Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA**
**Konsehal**

**(Hindi nakilahok)**
**Kgg. REY E. BULAY**

**Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**Kgg. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**Kgg. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**Kgg. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**(Hindi nakilahok)**
**Kgg. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**Kgg. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**Kgg. VICENTE YU CHUA**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN :**

**RAUL R. CORRO**
**Pambayang Kalihim**